**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR AND UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**October 29 2020 (10:59 A.M. – 11:59 A.M.)**

**SEC. ANDANAR:** Magandang umaga, Pilipinas. Mahahalagang balita't impormasyon ang ating pag-uusapan tungkol pa rin sa ating laban sa kontra COVID-19. Good morning, Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Good morning, Secretary Martin. Kasama ang iba't ibang mga kawani ng pamahalaan, samahan ninyo po kami sa isang makabuluhang talakayan. Ako po si Usec. Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** At ako po naman si Secretary Martin Andanar, at ito po ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Upang sumagot sa mga tanong bayan, maya-maya lang ay makakasama po natin sa program sina Governor Danilo Suarez ng Quezon Province; Attorney Romulo Quimbo, Chief Communication Officer ng Metro Pacific Tollways Corporation; National Task Force Against COVID-19 Chief Implementer Secretary Carlito Galvez, Jr.; at Parañaque City Mayor Edwin Olivarez.

**USEC. IGNACIO:** Makakasama rin natin sa paghahatid ng ulat ang mga PTV correspondents mula sa iba't ibang probinsiya at ang Philippine Broadcasting Service.

Samantala, para naman sa inyong mga katanungan, maaari kayong mag-comment sa livestreaming ng ating programa sa PTV Facebook page.

At para sa ating mga balita: Patuloy na isinusulong ni Senator Bong Go ang pagbuo ng Department of Overseas Filipinos. Nanawagan din siya na maipasa sa lalong madaling panahon ang Senate Bill #1228 o ang pagtatayo ng ligtas at maayos na evacuation center sa bansa.

Ilang manggagawa at negosyong apektado ng COVID-19 sa San Juan at Bataan ang nabigyan ng tulong. At Pangulong Rodrigo Roa Duterte, bumisita sa puntod ng kaniyang mga magulang. Narito ang detalye:

[NEWS CLIP]

**SEC. ANDANAR:** Para sa unang bahagi ng ating talakayan, ilang araw ding nanalanta ang Bagyong Quinta sa bansa at isa po sa mga naapektuhan ay ang Lalawigan ng Quezon. Aalamin po natin ngayon ang kalagayan ng ating mga kababayan doon, iyan po at iba pang COVID-19 update din, sasagutin ni Quezon Province Governor Danilo Suarez. Magandang umaga po, Governor.

**GOVERNOR DANILO SUAREZ:** Magandang umaga, Secretary at sa ating mga tagasubaybay.

**SEC. ANDANAR:** Kumusta po ang COVID-19 cases ngayon sa Probinsiya ng Quezon? So far, ilan na po ba ang mga nagpositibo, suspect cases at recoveries sa inyong lalawigan?

**GOVERNOR DANILO SUAREZ:** As of today, I have 103 ang mortality, 3,956 ang total na confirmed na nagkaroon at 2,800 ang recoveries. At ang active case ko mababa na, nasa 500 na lang siguro by this time, and they are properly quarantined sa mga ospital at saka sa mga quarantine center ng mga munisipyo, Secretary.

Dito naman sa Bagyong Quinta, I just came from San Andres sapagka't ito ang tinamaan, itong southern Quezon at dapa lahat ang aking mga saging. Iyong mga niyog, medyo walang pumilipit kasi kapag malakas ang hangin parang cotton buds iyong niyog eh. Pero hindi masyadong malakas ang hangin na matumba ang niyog. Pero iyong limang bayan ko ay ubos lahat ang saging kaya I would expect the price of banana to go up kasi kami ang supplier ng almost National Capital up to Bulacan. And banana, I think one year seven months bago tumubo muli.

So pagdating naman sa total damage ko sa Quinta, 488 million ang total damage ko, that is agriculture - rice, corn, vegetable, fruit trees, coconut, herbal; at saka mga infra, medyo marami kaming nasirang mga farm to market na nawala iyong kalsada, nadala sa malakas na agos ng tubig, Mr. Secretary.

**SEC. ANDANAR:** Governor, gaano po karami ang mga evacuees? Saan po natin sila dinala; at paano ninyo po sinisiguro ang social distancing at safety measures para makaiwas din po sa pandemya?

**GOVERNOR DANILO SUAREZ:** Tama [garbled] meron na po kasi kaming quarantine area for COVID ano, at hindi naman namin puwedeng isama diyan iyong mga evacuees namin. Kaya nga, as I've said, I asked the local government na… at saka iyong Department of Education na payagan na kaming gamitin muna iyong mga classroom. So, along that time ayos naman at lahat ng aming mga evacuation center at quarantine area nasusuplayan namin ng pagkain. Iyong regular three meals a day na may meryenda nagagawa namin iyon, Mr. Secretary.

**SEC. ANDANAR:** Okay. So, speaking po of the situation ngayon ng mga COVID-19 quarantine facilities at medical facilities po naman sa probinsiya ng Quezon, Governor – alam po natin na, aba'y siyempre kung mayroon tayong mga evacuees nadagdagan pa po iyong ating kalbaryo diyan – kumusta po naman ang inyong mga tauhan? Kaya pa ba, sapat po ba ang ating manpower para matugunan po ang problema, hindi lang ng COVID-19?

**GOVERNOR DANILO SUAREZ:** Mister Secretary, iyong mga frontliners ko, these are our unsung heroes, alam naman ninyo. Pero marami kaming nagkasakit na frontliners—(technical difficulties)

**SEC. ANDANAR:** Okay… So., medyo may problema po tayo sa ating communication with Governor Danilo Suarez. Governor, can you hear me? Okay, let's reestablish our connection with Governor Suarez. Usec.

Rocky, please go ahead.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kabilang po sa mga hakbang naman para sa unti-unti nating pagpasok sa new normal, ito pong pagpapatupad ng 100% cashless transaction sa ating mga expressways gamit ang RFID. Para kumustahin po ang update tungkol dito makakausap po natin si Attorney Romulo Quimbo, ang chief communication officer ng Metro Pacific Tollways Corporation. Good morning po, Attorney.

**ATTORNEY QUIMBO:** Good morning po Secretary, good morning undersecretary. Thank you very much for this opportunity.

**USEC. IGNACIO:** Yes, Attorney. Unahin ko na po ang katanungan mula sa ating kasamahan sa media na si Evelyn Quiroz ng Pilipino Mirror. ito po ang tanong niya: A lot of Easytrip RFID users are getting very frustrated because not one of the various loading option seem to work and once they are out of load, they are forced to use the cash lane thereby adding to the bottleneck in NLEX booth. The online payment options have been offline for three weeks now, the loading booths and gas stations no longer sell loads and reloading lanes in NLEX have been removed, bakit daw po?

**ATTORNEY QUIMBO:** Okay. Salamat doon sa katanungan. Klaruhin ko lang, iyong mga reloading booths natin sa NLEX tuluy-tuloy po iyon, hindi po na-remove. So, iyong reloading booth ho natin kapag dadaan po kayo at kayo naman ay magbibiyahe, 24/7 po iyong reloading booth natin doon.

Doon sa offsite reloading stations – we have 3,600. Bawat reloading station o bawat reloading platform katulad po ng bangko, katulad po ng 711, katulad po ng Bayad Center, iba-iba po ang crediting time nila. Hindi po siya uniform kasi po kapag magpapa-reload kayo out of town or sa 711, kung minsan po hindi naibabato agad, so, there's a slight delay but we appreciate the comment, the reloading is ongoing.

Ini-improve po natin iyong technology dito nang sa ganoon hindi naman mabitin ang ating motorista kapag papasok sa lane. Pero may reloading po tayo, tuluy-tuloy po iyan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Simula po mag-umpisa tayo mamahagi ng RFIDs, gaano na daw po karami ang mga sasakyan na nalagyan na nito?

**ATTORNEY QUIMBO:** Salamat doon sa katanungan. Sa totoo lang, we are experiencing a surge, para po tayong nagpa-panic buying and that's because obviously, mag-u-undas na po tayo at naiintindihan naman natin iyong pagmamadali ng mga kababayan.

Pangalawa po, ang pag-install po ng RFID tuluy-tuloy, all year round po iyan. So, ang aming pakiusap po sa mga motorista, kung hindi naman po tayo bibiyahe ngayon at wala naman po

tayong balak, tayo po ay infrequent user, puwede naman ho next week, two weeks from now, next month, sa December, makakabitan pa naman kayo.

As of today, we have already installed it's 1.4 million stickers na po ang nakakabit ngayon sa mga motorista natin and counting at marami pa pong tao na gustong magpakabit and we continue to serve and install the stickers.

Gusto ko rin lang kuhanin iyong pagkakataon na ito na iyong amin pong installation ngayon, we already adjusted our system para hindi po tayo magsiksikan, mayroon po tayong social distancing, drive-thru po. Drive-thru kung kayo po ay pupunta sa mga installation center natin huwag na po kayong lalabas ng sasakyan, pumila lang po doon. Talaga naman pong may surge tayo, lalapitan naman kayo doon to register and to create the account. Hindi na po kinakailangan bumaba kayo at makipagsiksikan doon sa mga installation centers.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney, iyan nga po iyong susunod kong tanong. Gaano po karami sa tingin ninyo iyong dadagsa hanggang doon sa—mayroon po ba kayong itinakdang deadline? At ang malaking problema nga daw po itong mahabang pila sa mga RFID installation site at ano po ang nagiging dahilan nito? Matagal po ba itong proseso at paano po natin inaaksiyunan para makaiwas sila sa mahabang pila?

**ATTORNEY QUIMBO:** Tama po. Ito po, surge po tayo, expected surge tayo, so, naiintindihan naman natin na nagmamadali. Number one, as I've said, kung hindi po kayo magbibiyahe naman ngayon, no need to fall in line, no need to get your RFID sticker now. Puwede hong next week iyon, two weeks from now o puwede po sa December. Hanggang sa katapusan po ng taon magkakabit pa ho tayo, wala pong problema.

Itong cashless transaction, inuurong na po ng DOTr Secretary hanggang December 1 na po, para po mabigyan ng kaunting panahon ang mga motorista na huwag naman magsiksikan. So, ini-extend po iyong deadline, you have all the time now to get your RFID stickers.

Totoo pong may pila iyon, pero sinasabi po namin dito po sa systems namin, mabilis lang naman, huwag na ho kayong bumaba. Noong una po medyo magulo kasi may pagka-panic buying. Ngayon po na na-extend na to December 1 iyong cashless, pumila lang po tayo at mabilis lang naman ang pag-travel, all you need to do is fill up a very short form at doon po nakakabitan naman kaagad kayo ng sticker, sticker lang naman iyon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney, nagsimula kayong i-test kung paano po gagawing compatible ang RFIDs ng MPTC at ang SMC Tollways. So, ano na po ang status nito sa ngayon at gaano po kalaki ang maitutulong nito sa cashless system po natin?

**ATTORNEY QUIMBO:** Salamat sa tanong, Usec. Totoo iyan, first part po ng aming interoperability ay gumagana na po. Iyon pong mga AutoSweep RFID stickers ng SMC, mag-o-open lang po ng panibagong account dito sa Easytrip at the same sticker puwede na hong gamitin sa system namin. So, in the case of the AutoSweep sticker, it can one sticker for two accounts, puwede na po iyon. Iyong vice versa po, in process po iyon kasi po may testing naman iyon.

There is a technical testing, that is a technology issue, so, iyong testing po is ongoing at natutuwa kami na tuluy-tuloy po iyong testing ng mga engineers ng SMC at iyong engineers namin.

In a very short time po magiging compatible na, fully compatible na po iyong dalawa. Sa ngayon po, one way pa lang ang compatibility, hindi pa po two way, but we look forward to the eventual compatibility noon dalawa pong system.

**USEC. IGNACIO:** Tanong po ng karamihan, paano po naman ang katulad ko po, hindi naman po frequent expressway travelers, kailangan din po ba na magmadali rin sa pagkuha ng RFID? Paano po kapag hindi po sila nakapag-avail nito bago po matapos ang taon?

**ATTORNEY QUIMBO:** Anytime po, Undersecretary. Kung wala po kayong RFID anytime po pagpasok ninyo po sa tollway system namin kakabitan po kayo doon. There will be always an installation booth or toll lane for those who do not have RFID. In other words, puwede ho kayong tumuloy anytime, lalo na after undas para hindi naman kayo makipagsiksikan, kakabitan ho kayo doon sa mga RFID installation centers namin sa bawat toll plaza or sa bawat exit po ng expressway system. Hindi ho problema, kung wala ho kayong RFID, go there next week, two weeks from now, kakabitan ho kayo doon bago kayo makapasok.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney, may tanong lang po iyong kasama natin si Joseph Morong ng GMA 7. So, paano naman daw po mag-o-open ang isa pang account for AutoSweep and when ito magiging effective?

**ATTORNEY QUIMBO:** Iyong kapag naka-AutoSweep RFID ka na ngayon, I already mentioned, puwede na kayong mag-open ng Eastrip account. So, you can use the same sticker for two accounts. Ito pong, the vice versa, the Easytrip sticker to be recognized po sa SMC Tollways, hindi pa ho siya, ongoing process po iyan. Siguro po towards early next year doon po magiging compatible po, kasi sinusundan po natin iyong testing protocol po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney, kunin ko na lamang po iyong inyong mensahe para sa publiko ngayong araw.

**ATTORNEY QUIMBO:** Oo, maraming salamat sa pagkakataon.

Sa mga kababayan natin, alam naman natin na malapit na po ang Undas at doon po sa mga may balak magbiyahe welcome po tayo doon sa mga expressways po natin kasi na-extend naman hanggang December 1 iyong tinatawag na cashless.

So wala hong problema kung talaga hong kinakailangan ninyong magbiyahe we will prepare, we will of course be ready for the exodus, we are ready for the influx of all our motorists to the provinces.

Kahit walang RFID no problem ho, tuluy-tuloy lang ho kayo but you just have to bear with the traffic kasi surge po ito. Every year ito po iyong surge natin so alam na po natin – plan your trip, huwag hong makipagsabayan sa marami.

Mayroon po kaming 24/7 na livestream sa aming mga systems, makikita ninyo po sa FB page ng NLEX po, matatantiya ninyo po kung masikip na o hindi pa at you can take the cue doon sa makikita ninyong images; so, nakahanda po kami for the Undas.

Those who are not going to travel anyway, maghintay na lang po kayo after Undas at tuluy-tuloy po ang pag-install natin ng RFID stickers.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney pasensiya na po, may pahabol lang si Joseph Morong: So paano po—saan daw pong website ang pupuntahan nila para sa enrolling?

**ATTORNEY QUIMBO:** You can go to Easytrip Facebook page, nandoon po ang instructions. You can also go to NLEX Corp. Facebook para malaman po iyong steps para mag-i-enroll po kung panibago kayong customer. Just look at the posts namin doon, marami ho kaming instructions doon papaano ho mag-enroll ng RFID stickers sa Easytrip.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po sa inyong panahon, Attorney Romulo Quimbo ng Metro Pacific Tollways Corporation.

**ATTORNEY QUIMBO:** Thank you Secretary and Undersecretary.

**SEC. ANDANAR:** Samantala, ngayong araw lamang naglunsad ng panibagong COVID-19 facility diyan sa Parañaque City. Para sa mga detalye po makakausap natin si Parañaque City Mayor Edwin Olivarez. Magandang umaga po sa inyo, Mayor.

**MAYOR OLIVAREZ:** Magandang umaga po sa inyo po; pati po sa lahat po ng nakikinig po sa atin, good morning.

**SEC. ANDANAR:** Good morning din po kay Secretary Carlito Galvez na kasama po ni Mayor Olivarez, live po sila ngayon.

Ngayong araw po ang launching ng bagong COVID-19 facility at kumusta po ang mga pasilidad nito ngayon sa inyong paglunsad po nito ngayong umaga?

**MAYOR OLIVAREZ:** Opo. Kasama po namin si Secretary Galvez, iyong aming pong Big Brother dito po sa Parañaque at magkakaroon po kami ng formal turnover from the DPWH pati po sa DOH para po sa 84 rooms ng ating mga container van for our isolation facility sa Lungsod ng Parañaque. At napakalaking bagay po ito at ito po’y magagamit po namin para ma-contain lalo ang COVID dito sa siyudad.

**SEC. ANDANAR:** Gaano po karami ang COVID-19 patients na kaya nitong i-accommodate?

**MAYOR OLIVAREZ:** Ito pong aming iti-turnover po ngayon, bale 84 rooms po ito; so 84 individuals ang kaya po dito. Tapos mayroon siyang apat na nursing station para mag-man iyong ating frontliner para po sa atin pong mga COVID patients.

Actually, this is our second facility na two months ago/three months ago na tinurnover rin ni Secretary Galvez po sa atin at mayroon po tayong 57 rooms po doon, may 57 rooms.

**SEC. ANDANAR:** Secretary Galvez, papayagan din po ba natin ang mga pasyente sa mga kalapit na lungsod o lalawigan na ma-accommodate dito sa mga isolation facilities na ito?

**SEC. GALVEZ:** Iyon po ang ano po natin, na talagang ang maganda dito po sa NCR nagtutulungan po sila at saka ang kagandahan po, ang ating mahal na Mayor ay talagang gumaganda iyong kaniyang mga numero.

Gusto ko lang pong i-congratulate ang Parañaque City dahil kasi nagsimula po sila na ang kanilang COVID cases ay 6,660. Sa ngayon po below 100 na po ang kanilang mga cases. Ang pagkakaalam ko po, ang report sa akin kahapon ay 70 which is more than 96% na po ang kanilang recovery, napakataas. Ang ating national is only 89%, ang Parañaque po is 96% at nagagalak po ako dahil kasi being a Big Brother, isa sa mga napakagandang halimbawa itong Parañaque City dahil kasi talagang puspusan po ang ginagawa po ni Mayor Edwin na talagang mapangalagaan ang ating health dito sa Parañaque.

At talaga pong nagtutulungan po sila, iyong ating mga tinatawag na mga quarantine facility ay puwede po silang maghiraman. Actually po kasama po dito iyong ating Nayong Pilipino na nasa Parañaque rin po na ang ibang mga nasa lugar sa NCR at ibang lalawigan ay puwede pong gumamit dito dahil mahigit po na 600.

Iyon lang po Secretary Martin, maraming salamat at ako po ay puspusan talagang natutuwa at saka gusto ko pong i-congratulate ulit si Mayor Edwin sa kaniyang magandang leadership po dito sa Parañaque.

**SEC. ANDANAR:** Mayor Edwin, kailan po ito magsisimulang mag-operate? Kailan po ba ito puwedeng gamitin na at gaano po karami ulit iyong COVID-19 facilities na ang mayroon kayo diyan sa Parañaque City?

**MAYOR OLIVAREZ:** Opo. Ito pong iti-turnover po sa amin ay immediately po namin pong gagamitin po kaagad ito para ma-maximize po natin itong ating isolation facility. Tapos initially, noon pong mga first quarter noong itong atin pandemic, ang ginamit po namin na mga isolation facility dito iyon pong mga eskuwelahan pero po sa arrangement po doon po sa aming pag-uusap sa IATF, kay Secretary Briones, ibabalik na po namin iyong mga eskuwelahan bago mag-December at ito pong mga bagong turned over na ibinigay po sa amin ng national government, ito na po iyong alternative isolation facility sa Lungsod ng Parañaque.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Mayor and Secretary Galvez, mga tanong naman po mula sa ating mga kasamahan sa media. Mula po kay Evelyn Quiroz ng Pilipino Mirror. Ito po ang tanong niya, para po kay Secretary Carlito Galvez: Two weeks ago po you stated in a news conference that active COVID-19 cases are gradually decreasing with the government’s efforts to curb the spread of coronavirus disease and then last week you reported to the President that COVID-19 cases are increasing in parts of the country. What is the true situation here?

**SEC. GALVEZ:** Sa sitwasyon po natin ngayon, ang medyo tumataas po ay iyong parte ng Mindanao and then nakita po natin na talagang dito sa NCR po ay talagang na-stabilize po natin. Nakita po natin na since noong August na talagang nag-peak ang NCR na more or less more than 20,000 ang kanilang active cases. Sa ngayon po ay natutuwa po ako at iyong data po natin ay pababa nang pababa.

Ngayon po mga 4,106 na lang po ang buong Metro Manila and then bumababa din po ang Region III at ang Region IV po ay talagang bumababa na rin po and then iyong Baguio at saka iyong Itogon, Benguet, iyong sa mining, medyo nagkaroon po tayo ng spike doon, pero tinutulungan po ni Mayor Magalong ang mga tao sa Benguet at ngayon po ay tinitingnan po natin na medyo bababa. Inaasahan po natin na in two weeks' time, bababa po iyong kaso po nila. Sa ngayon po ang tinitingnan po natin talaga, next ano po namin at pupunta po kami sa Bacolod. Sa Friday po pupunta si Sec. Vince sa Bacolod at nag-report po doon si Mayor at saka si General Feleciano na in two weeks' time, ma-stabilize na nila ang Bacolod City.

So, maganda po ang ano ng ating mga numero. Kahit iyong report ng OCTA Research natin ay talaga pong napakaganda ng Metro Manila. Kaya gusto ko pong pasalamatan ang ating MMDA chairman, ang ating mga Mayors at saka si GM Jojo Garcia, Usec. Jojo Garcia dahil napanatili po nila na bumababa po ang ang ating Metro Manila cases. Pero huwag po tayong magkupiyansa. Kailangan po talaga na we have to establish iyong tinatawag nating opening with caution. Kaya nga we support iyong Metro Manila Mayors na we are opening up the economy, but with much caution, especially ngayon may mga okasyon tayo na Undas and this coming Christmas, iyon lang po at maraming salamat po.

**USEC. IGNACIO:** Tanong naman po ni Evelyn Quiroz, para kay **MAYOR OLIVAREZ:** As of October 27 daw po, the number of active COVID-19 cases in Parañaque has gone down to 51 and with 5 barangays claimed to be COVID free. To what do you attribute this low rate of COVID cases?

**MAYOR OLIVAREZ:** Ito po iyong pagtutulungan po ng national government at saka ng local, iyon pong pangangailangan po ng aming siyudad ay immediately po na nare-response. Tuwang-tuwa po kami, ang aming pinaka-big brother po dito, si Secretary Galvez, kaya nga po iyong mga isolation facilities, iyong mga testing po namin ay tuluy-tuloy pong ginagawa sa ating lungsod at iyan po ang naging dahilan po sa pagbaba ng case dito sa siyudad ng Parañaque.

**USEC. IGNACIO:** Opo, tanong naman po mula kay Kris Jose ng Remate, para po kay Secretary Galvez: Patuloy po ang pagpasok ng bagyo sa bansa, hindi po maiiwasan na talagang may mga lugar po na apektado ng malakas na pag-ulan at mataas na pagbaha dahilan para ilikas ang mga mamamayan at pansamantalang panatilihin sa mga evacuation centers. Ano po ang hakbang na ginagawa ng National Task Force para maiwasan po na magkaroon ng COVID infection sa mga lugar?

**SEC. GALVEZ:** Alam po natin na ang chairman ng NDRRMC at saka National Task Force ay si Secretary Del Lorenzana at talaga pong ginagawa niya, nagpe-prepare po ng preparation doon ay si Usec. Jalad na kanyang executive director. Mayroon na po kaming mga coordination. Actually noong last two days ago, nagkaroon po kami ng meeting at ang meeting po na iyon ay

talagang iyong preparation natin na with OCD. Iyong ating mga tinatawag na preparasyon natin sa mga evacuation center na talagang kailangan with the observation of the minimum health standard pa rin. So, iyon po at nagpapasalamat din po kami kay General Lorenzana, happy birthday, sir. Birthday po ni Secretary Lorenzana kahapon at nagtatrabaho pa rin po siya. Maraming, maraming salamat po.

**USEC. IGNACIO:** Tanong naman po mula kay Joseph Morong para po kay **MAYOR OLIVAREZ:** Mayor ano po ang proposal ng mga mayors na community quarantine hanggang December?

**MAYOR OLIVAREZ:** Sa huli po naming pagmi-meeting po ng Metro Manila Council, ang aming nirerekomenda po, ng buong Metro Manila Council ay umabot po ng December 31 itong taon na ito ang ating GCQ. Para tuluy-tuloy na po ang pag-contain natin at hindi po tayo mag-relax at napakaganda na po ng ating numero sa Metro Manila.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong naman po ni Joseph Morong para kay Secretary Galvez: Secretary Galvez, do you think safer to stay in GCQ until the end of the year for Metro Manila at ano po ang final community quarantines ng Metro Manila, Batangas at ibang areas na in-announce po na ilagay sa GCQ?

**SEC. GALVEZ:** Nakita po natin na noong nagkaroon kami ng IATF meeting ay sinuportahan po namin ang rekomendasyon po ng ating mga mayors. Dahil kasi po nakita po natin, maraming lugar nag MGCQ, bumalik din po talaga sa GCQ, dahil kasi talagang hindi natin maiwasan na nagre-relax po ang ating mga tao. Ang nakita po namin, maganda po iyong ginagawa po ng Metro Manila, ng MMDA-IATF, dahil ang ginagawa niya calibrated. Kung tutuusin po natin iyong ating sitwasyon ngayon, kung iba-base po natin na iyong ating mga categories sa MGCQ at saka GCQ parang sa economically nasa MGCQ na po tayo. Kasi hybrid po ang ginagawa po natin na ang ginagawa po ng mga mayor, calibrated. They talked with the businessmen, at ang business sector natin at sila po ay nagpupulong kung ano po ang puwedeng mai-open at saka iyong hindi pa pupuwede. So, ang kagandahan po nito, binibigyan po natin ng tinatawag na leeway or flexibility or adoptability ang ating mga mayors at ang ating business sector, para ang mangyari po magtutulungan po sila. So, 100% po ako na sumusuporta po ako doon.

**USEC. IGNACIO:** Secretary Martin?

**SEC. ANDANAR:** Okay, thank you, so much Usec. Rocky. Ayon po sa datos, ang Parañaque City po ang isa sa may lowest daily attack rate of COVID-19 sa Metro Manila. Ano po sa tingin ninyo ang mga best practices ng lungsod para ma-achieve ang ganitong resulta, Mayor?

**MAYOR OLIVAREZ:** Katulad po ngayon, Secretary, iyon pong pag-turnover sa amin ng isolation facility, iyon po ang importante po na either mo nasa informal settler o nasa subdivision, dapat po ma-isolate po natin sa community iyong atin pong mga pasyente, ihihiwalay po natin sila sa komunidad para ma-separate po natin. Tuluy-tuloy po iyong ating testing capacity na ginagawa at in fact po, by early November bubuksan na po namin ang sariling molecular laboratory ng Lungsod ng Parañaque.

**SEC. ANDANAR:** Ano po ang inyong mensahe sa ating mga kababayan, Mayor Olivarez at Secretary Galvez?

**MAYOR OLIVAREZ:** Maganda na po iyong atin pag-contain ng atin pong COVID sa buong Metro Manila, pero hindi po tayo dapat pong mag-relax. Mayroon po tayong kasabihan "prevention is the best medicine of all." So, kailangan po iyong ating minimum health protocol, iyong pagsusuot ng facemask, pagsusuot ng face shield, pati po iyong ating physical distancing, dapat umiral pa rin po iyan sa lahat ng komunidad natin sa Metro Manila.

**SEC. GALVEZ:** Nagpapasalamat po kami sa kanilang leadership at sa kanilang mga efforts. At sana po ang ating mga kababayan, tama po ang sabi ni Mayor Edwin na kailangan huwag tayong magkumpiyansa, kailangan pa rin natin iyong tinatawag na self-awareness at saka self-protection at kailangan magkaroon tayo ng focused protection doon sa mga vulnerable areas at iwasan po natin talaga na tayo ay magkasakit para mapapangalagaan po natin ang ating hanapbuhay at sabi nga ng business sector, ingat-angat tayong lahat.

**USEC. IGNACIO:** Salamat po, Secretary Galvez at Mayor Olivarez ng Parañaque.

**SEC. ANDANAR:** Si Governor Suarez ng Quezon. Governor Suarez, kabayan ano po ang sitwasyon ngayon ng COVID-19 quarantine facilities at medical facilities po sa lalawigan po naman ng Quezon?

**GOVERNOR DANILO SUAREZ:** Iyong convention center namin sa Gumaca, napakalaki noon, Usec. at Secretary Martin. So kinonvert namin iyon na quarantine area, naglagay kami ng mga separation na parang wall at that can house I think 87 beds. Well unfortunately, ang bed capacity namin ng mga hospital puno na. Kaya nga kagaya ng sinabi ko kanina, we asked the Department of Education na iyong ibang eskuwelahan magamit muna namin na quarantine area. Ang problema ko lang, of course, magkakaproblema ako gawa nitong evacuees ko naman.

So right now, we are in control of the COVID situation, mababa ang aming mortality. At gusto ko din pasalamatan ang—I would like to make special mention, Secretary, itong si Mayor Boongaling. On his own initiative nagpagawa siya ng sarili niyang quarantine area, gumawa siya ng mga container van at ginawa din niyang facility para dito sa mga may suspected natin.

So, far ang aming molecular, umaandar na kami sa tulong ng city government, kaming dalawa ni Mayor Dondon nagbigay kami ng tigpa-five million at nagbukas kami ng facility sa Lucena United Doctors Hospital. So mabilis ang result ng aming swabbing and we can—no result, iyong dati matagal sa RITM; ngayon nakukuha namin ng same day ang result ng swabbing namin.

**SEC. ANDANAR:** Napabilang po ang siyudad ng Lucena sa mga high risk areas ayon sa OCTA Research. May ginagawa po bang hakbang ang—yes sir, go ahead.

**GOVERNOR DANILO SUAREZ:** Well, nakita ko number 11 kami, I noticed that number. But… medyo maayos ang procedure na ginawa ni Mayor Dondon, gusto ko ngang ma-check iyong data kung how accurate are those report and kasi ang alam ko na-kontrol na naming

maayos. Iyong effort na ginagawa ni Cong Jayjay, na siyang Congressman ng Lucena, si Mayor Dondon, iyong aming mga hospital, kasi nandoon ang Quezon Medical Center.

I think we are pretty much in control of containing the spread, ang isa lang nangyari doon kaya lumaki, iyong training ng mga PNP police, doon ginawa sa aming siyudad, doon lumaki. Kasi may mga dumating na trainee doon galing sa Region III na may COVID, Secretary, baka iyon ang reason kung bakit nalagay kami sa mataas ang infection.

**SEC. ANDANAR:** Gaano po kalaki ang naging epekto ng COVID-19 pandemic sa kabuhayan ng mga kababayan po natin diyan sa Quezon?

**GOVERNOR DANILO SUAREZ:** Iyong strict policy natin ng quarantine that affects the livelihood, pero as—alam mo naman, Martin, Usec., ang pagkain ng National Capital Region, a good number of them, come from Quezon. We are practically (garbled) kami din ang nagdadala ng maraming food stuff sapagkat coastal municipality kami, maganda ang aming fishing. At iyong livestock na bagama't kami ay naapektuhan noong ASF, tuluy-tuloy pa rin naman—kami ang isa sa area na mayroon pang clearance na magbenta ng live hogs. So in terms of livelihood, we are pretty much secured, Secretary.

Ang hinihingi lang naming mga tulong sa national government ay iyong pagdating ng availability ng flu shot at saka ng—kasi kung wala kang flu hindi ka magkakaroon ng pneumonia; kung may pneumonia ka, medyo life threatened ka na. Kaya kung maari lang kapos na kapos kami sa flu shot. Kaya maaari sa iyong tulong Sec., paki-usapan lang si Secretary Duque at ibang ahensiya ng gobyerno na padalhan kami ng mga flu shot vaccine sapagkat ang hirap kumuha, we are trying to buy and even to buy using our provincial funds, but we are having problem with availability.

**SEC. ANDANAR:** Okay po, sige po papaki-usapan po natin si Secretary Duque. Kambyo po tayo dito sa ibang topic po naman. Governor. Marami rin pong mga tourist destination diyan sa Quezon na bukas na po. Bukas na po ba kayo para sa mga turista?

**GOVERNOR DANILO SUAREZ:** Mayroon kaming hindi nagsara, iyong Balesin hindi namin sinara iyon. Naki-usap nga sa iyon sa amin, iyong pamunuan ng Balesin, sapagkat sila ang dami na nilang commitments sa mga foreign tourists sapagkat mayroon doon runway eh, nakakababa doon ang mga malalaking wide body jet. Kaya iyon, tuluy-tuloy kami—ngayon, lalo na nitong Mayo, marami kaming Niyogyugan well unfortunately medyo ititigil namin siguro ang Niyogyugan ngayong taong na ito because of social distancing.

But in some area, our beach are open already. Northern Quezon marami na ring pumupunta doon, iyong mga nagsu-surfing. In effect, Martin, I think slowly we are getting back the momentum in terms of tourism. Bagama't local tourism pa rin ay hindi pa rin masyadong umaakyat ang ating mga foreign arrivals except iyong sinasabi ko sa Balesin na mayroon namang sariling runway.

**USEC. IGNACIO:** Opo, Governor, bigyan-daan lang po natin ang tanong ng ating mga kasamahan sa media. Mula po kay Evelyn Quiroz ng Filipino Mirror: There was a time when

you were actively pushing for the relocation of national government centers to the provinces and to establish a new government center that will be more sustainable, strategic and efficient. What has become of your proposal?

**GOVERNOR DANILO SUAREZ:** Salamat, Usec. Noong Minority Leader pa ako, ini-insist ko iyan na tingnan natin iyong ibang bansa. Ang ibang bansa, ang government center nila, nililipat na nila - Indonesia, Malaysia. That's the trend now and if you moved the government center maraming susunod diyan na commercial establishment. Kaya ko naman sinasabi ang National Capital Region is too much congested to a point na smog, pollution nandito na lahat. And the reason, very few people have their own homes, kaya siksikan sila sa mga… iyong isang bahay mga labinlima nakatira and the reason why they cannot afford to buy a house and lot is the restrive prices.

Doon sa General Nakar, sa Northern Quezon, may 200,000 hectares pa ang gobyerno na pag-aari ng pamahalaan. Kaya if it's properly programed na dito po ilalagay lahat—para bagang Washington, DC, Secretary, USec 'no, nandoon lahat ang mga department magkakatabi sila, maganda ang kanilang working relation.

Hindi katulad natin, ang DPWH nasa Roxas Boulevard, ang NEDA nasa Makati, ang DepEd nasa Pasig, layo-layo eh. This time, para na tayo talaga that we conform and pattern after other countries na magkakasama lahat ang mga opisina. And we can do this in one area, because that areas is ang gandang magtrabaho, you are overlooking Pacific Ocean and the water of the National Capital Region come from that area, kaya wala kang problema sa tubig. You have two dams there that will be constructed soon, so bababa ang kuryente because hydro are the cheapest source of power. Kaya iyon ay ginawa ko noong ako ay Minority Leader and I asked Congresswoman Aleta, Congressman Jayjay, Congresswoman Anna, tatlo iyong Congressman na pumalit sa amin na pakiusap lang na ire-file ulit iyong relocation ng national government sa isang area.

**USEC. IGNACIO:** Opo, kunin ko na lang po ang inyong mensahe sa ating manunuod at siyempre sa mga taga-Quezon alam naman po natin na bukod sa COVID-19 palagian din kayong natatamaan ng masamang panahon, Governor?

**GOVERNOR DANILO SUAREZ:** Oo. At this juncture, USec., let me just report to you that as I have said earlier, I just came from San Andres, nakita ko iyong tama ng Quinta and well, sad to say, as I have said, the agricultural damage napakalaki. So, baka DSWD—tumawag na ako kay Senator Bong Go and I would like to extend again my appreciation, ang bilis niyang mag-respond. Ang unang respond niya noong binaha ang Lucena City. Iyong mga flooded area na ni-relocate nagpadala kaagad ng tulong at nagbigay siya ng financial assistance sa mga binaha. Kaya tumawag ako sa kanyang team kung puwedeng bumalik ulit ito sa lugar na mayroon kaming national highway na nagsara itong between Lopez and Calauag. Ngayon nag-subside, but with this coming Rolly at ito ay tatama mukhang ang direksyon dito, sana lumihis ng kaunti at dito na lang sa dagat, we should be prepared for that.

Kaya iyan ang aking panawagan sa national government. Paki-ready lang ang inyong mga assistance through DSWD at ang napakahalaga sa amin ay iyong mga food stuffs at saka iyong

mga medical supply, sapagkat common dito iyong non-ethical problem katulad ng ubo, lagnat, mga digestive, iyong hindi tamang pagdumi, iyan ang common na problema ng mga kabataan. Iyon lang ang hinihingi namin sa national government.

**USEC. IGNACIO:** Okay maraming salamat po, Governor Danilo Suarez. Asahan po ninyo bukas ang aming programa sakali pong kailanganin ninyo ang tulong dahil pa rin po sa Bagyong Rolly. Salamat po.

**GOVERNOR DANILO SUAREZ:** Salamat Usec, Secretary Martin.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, upang bigyan daan ang Hatid Tulong Program na layong mapauwi ang mga na-stranded sa Maynila dahil sa umiiral na community quarantine, pansamantala munang ipinagpaliban ang Balik Probinsiya Bagong Pag-asa Program. Para sa iba pang detalye panuorin po natin ito.

VTR

**SEC. ANDANAR:** Puntahan po natin si Alah Sungduan mula sa PTV-Cordillera.

(NEWS REPORTING)

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat Alah Sungduan mula sa PTV-Cordillera.

**USEC. IGNACIO:** Mula sa PTV-Davao may ulat ang aming kasamang si Regine Lanuza.

(NEWS REPORTING)

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo Regine Lanuza ng PTV-Davao. Samantala, dumako naman tayo sa update kaugnay sa COVID-19 cases sa buong bansa. Base sa tala ng Department of Health as of October 28, 2020 umabot na sa 375,180 ang total number of confirmed cases. Naitala ang 2,053 new COVID-19 cases kahapon. 61 katao naman ang bagong bilang ng mga nasawi kaya umabot na sa 7,114 cases ang kabuuang bilang ng COVID-19 deaths sa ating bansa, ngunit patuloy rin naman ang pagdami ng mga nakaka-recover na umakyat na sa 329,111 with 514 new recoveries recoded as of yesterday. Ang kabuuang total ng ating active cases ay 38,955.

**SEC. ANDANAR:** At iyan po ang aming mga balitang nakalap sa araw na ito, maraming salamat sa mga naglaan ng kanilang oras sa pagbibigay linaw sa mga impormasyon na mahalagang malaman ng ating mga kababayan.

**USEC. IGNACIO:** Ang public briefing po ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng Presidential Communications Operations Office sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng mga Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas or KBP.

**SEC. ANDANAR:** Asahan po ninyo ang aming patuloy na pagbibigay impormasyon kaugnay sa mga update sa ating paglaban sa COVID-19 pandemic. Maraming salamat din po sa Filipino Sign Language Team for COVID-19.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, Secretary Martin, 57 days na lang Pasko na. Bagama't patuloy pa rin ang pagharap natin sa krisis na dulot ng COVID-19, tuloy lang po ang ating pagtutulungan at pagmamahal sa kapwa dahil iyan naman po ang tunay na diwa ng Pasko mula po sa Presidential Communications Operations Office ako po si Usec. Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** At mula rin po sa PCOO ako po si Secretary Martin Andanar. Magkita-kita po tayo muli bukas para sa isa na namang public briefing #laginghandaph.

##

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)